

Ang Iyong Karapatan at Pananagutan

Isang Tsarter para sa Mamimili/Konsyumer sa Pamaraan
ng Pambayang Kalusugan sa Timog Australya



Nakatalogo ng Paglalathala sa Pambansang Aklatan ng Australya

Titulo: Ang iyong karapatan at pananagutan: isang tsarter sa mga Pasyente ng Timog Australya para sa Paraan ng Pambansang Kalusugan

ISBN: 9780730898276 (pbk.)

Mga Paksa: Mga batas at pagbabatas na may kinalaman sa medisina--Timog Australya

Mga kawaning pang-medisina at pasyente--Timog Australya

Mga Pasyente sa Ospital--Katayuan ayon sa batas--Timog Australya

Mga Sakit--Katayuan ayon sa batas, atbp.--Timog Australya

Ibang MayGawa/may ambag: Timog Australya. Kagawaran ng Kalusugan at Mga Tumatanda

Ang Iyong Karapatan at Pananagutan

Ang Kalusugan SA ay nangangako na ang kalusugan sa pangangalaga ay iyong matatanggap ng walang-panganib, mahusay, epektibo at nirerespeto ang iyong karapatan bilang isang tao.

Daang maabot

Mayroon kang karapatan sa serbisyo sa kalusugan at komunidad

Walang-Panganib

Mayroon kang karapatan ng walang-panganib na pagmamalabis

Klase

Mayroon kang karapatan sa mataas na uri ng serbisyo

Paggalang

Mayroon kang karapatan na pakitunguhan na may galang at/o magreklamo

Impormasyon

Mayroon kang karapatan na maka-alam

Paglahok

Mayroon kang karapatan na aktibong lumahok

Lihim

Mayroon kang karapatan sa lihim at kompidensyal na kalagayan

Komentaryo

Mayroon kang karapatan na magsalita o

The National Relay Service can provide assistance for people who require hearing and speaking assistance. National Relay Service: <http://relayservice.gov.au/> Phone: 1800 555 660. If you or your carer need help talking to the health professionals who are responsible for your care you can ask a staff member to arrange an interpreter for you free of charge. This book has been translated and is available on the SA Health website www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Amharic

የብሔራዊ የቅብብሎች አገልግሎት (The National Relay Service) የመስማትና የመናገር ድጋፍ ለሚፈልጉ ሰዎች ድጋፍ ሊሰጥ ይችላል። የብሔራዊ የቅብብሎች አገልግሎት (National Relay Service): <http://relayservice.gov.au/> የስልክ ቁጥር: 1800 555 660 እርስዎ ወይም ተንከባካቢዎ ለእርስዎ እንክብካቤ ሀላፊነት የተቀበሉትን የጤና ባለሙያዎች ለማነጋገር እርዳታ ከፈለጉ ሰራተኞችን የነፃ አስተርጓሚ እንዲያዘጋጁልዎ መጠየቅ ይችላሉ። ይህ መጽሐፍ ተተርጉሟል፣ በደቡብ አውስትራሊያ የጤና ድርጊጽ ላይ ያገኙታል www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Arabic

توفر خدمة البث الوطنية (National Relay Service) المساعدة للأشخاص الذين بحاجة للمساعدة في السمع والنطق. خدمة البث الوطني: <http://relayservice.gov.au/> هاتف: 1800 555 660 إذا كنت أنت أو من يرافقك بحاجة للمساعدة في التحدث مع مهنيي الصحة المسؤولين عن رعايتك، فإن بإمكانك الطلب من أحد الموظفين الترتيب لمجيء مترجم مجاناً. تمت ترجمة هذا الكتيب وهو متاح على موقع دائرة صحة جنوب استراليا (SA Health) www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Chinese simplified

全国传递服务为有听障与语障的人士提供协助。全国传递服务的网址: <http://relayservice.gov.au/> 电话: 1800 555 660 如果您或者您的照顾者需要同主治医生交流，但又不会讲英语，您可以要求一名工作人员为您安排一位传译员，此服务免费。本手册已译成多种语言，可以在SA Health的网站上获取: www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Chinese traditional

全國中繼服務可為需要聽力和語言協助的人提供幫助。全國中繼服務網址: <http://relayservice.gov.au/> 電話: 1800 555 660 在與為您提供治療的專業醫護人員交流時，如果您或者您的看護者需要語言溝通方面的協助，可向有關工作人員要求安排傳譯員。此服務是免費的。本手冊已被譯成中文，可從南澳健康部網站獲得 www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Dari

خدمات رله ملی، افرادی که ضرورت به کمکهای شنوایی و گفتاری دارند را کمک کرده می تواند. خدمات رله ملی: <http://relayservice.gov.au/> تلفون: 1800 555 660 اگر شما یا مراقب شما برای صحبت با کارکنان مسکلی خدمات صحتی که مسولیت مراقبت از شما را برعهده دارند احتیاج به کمک دارید از یکی از کارکنان بخواهید تا بطورمجانانی برای شما ترجمان بگیرد. این جزوه به زبانهای مختلف ترجمه شده و در وب سایت SA Health در www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities در دسترس می باشد.

Dinka

Aguir Baai Wël Cuot a lëu bë koc kony të ye kek koc wic kuocny ë piñpiñ ku jam. Aguir Baai Wël Cuot: <http://relayservice.gov.au/> Telepun: 1800 555 660. Na wic dumuök du kuocny bë jam kek koc panakim wën kek gëm yï döc, ka yin a lëu ba jam kek koc panakim bik yï wiëc raan bï waar thok ku kën a bik looi majan. Athör kën a cë waar yic thok kök ku a tïu lïkayukar ë Pial Guöp SA tën www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Greek

Η Εθνική Υπηρεσία Αναμετάδοσης δύνανται να παράσχει βοήθεια σε άτομα που χρειάζονται βοήθεια ακοής και ομιλίας. Εθνική Υπηρεσία Αναμετάδοσης (National Relay Service): <http://relayservice.gov.au/> Τηλέφωνο: 1800 555 660. Αν εσείς ή φροντιστής σας χρειάζεστε βοήθεια για να μιλήσετε στους επαγγελματίες υγείας οι οποίοι είναι υπεύθυνοι για τη φροντίδα σας μπορείτε να ζητήσετε από ένα μέλος του προσωπικού να διευθετήσει δωρεάν διερμηνέα για σας. Το βιβλιάριο αυτό έχει μεταφραστεί και διατίθεται στην ιστοσελίδα SA Health www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Italian

L'ufficio National Relay Service può fornire assistenza a persone che necessitano di aiuto per udire e parlare. National Relay Service: <http://relayservice.gov.au/> Telefono: 1800 555 660. Se voi o il vostro badante avete bisogno di aiuto per parlare con lo staff medico che vi assiste potete chiedere ad un impiegato del nostro personale di chiamare un interprete gratuitamente. Questo libretto è stato tradotto ed è disponibile sul sito web SA Health www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Khmer

សេវា National Relay Service អាចផ្តល់ជូនជំនួយសម្រាប់អ្នកដែលត្រូវការជំនួយក្នុងការស្តាប់ និងនិយាយ។ សេវា <http://relayservice.gov.au/> ទូរស័ព្ទ៖ 1800 555 660 ប្រសិនបើអ្នក ឬអ្នកថែទាំរបស់អ្នកត្រូវការជំនួយក្នុងការនិយាយ ទៅកាន់អ្នកជំនាញផ្នែកសុខភាពដែលទទួលខុសត្រូវចំពោះការថែទាំ របស់អ្នក អ្នកអាចស្នើសុំសមាជិកបុគ្គលិកឲ្យរៀបចំអ្នកបកប្រែ ប្រែភាសាជូនអ្នកដោយឥតគិតថ្លៃ។ សៀវភៅនេះត្រូវបានបកប្រែ ហើយមានផ្តល់ជូននៅលើវេបសាយ SA Health: www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Russian

Национальная релейная служба может оказать помощь людям, которые имеют нарушения слуха или речи. Национальная релейная служба: <http://relayservice.gov.au/> Телефон: 1800 555 660. Если вам или лицу, осуществляющему за вами уход, необходима помощь во время беседы с медицинскими работниками, которые отвечают за предоставление для вас услуг по здравоохранению, вы можете попросить сотрудника, чтобы вам бесплатно предоставили переводчика. Эта книга была переведена и доступна на веб-сайте SA Health www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Spanish

El Servicio de Transmisión Nacional brinda apoyo a las personas que necesitan ayuda debido a problemas de audición o del habla. Servicio de Transmisión Nacional: <http://relayservice.gov.au/> Teléfono: 1800 555 660. Si usted o su cuidador necesitaran ayuda para hablar con los profesionales de salud que están a cargo de su cuidado, puede pedirle a un miembro del personal que organice un intérprete de manera gratuita. Este folleto ha sido traducido y está a su disposición en la página web de SA Health www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Somali

Adeega Baahinta Qaranka ayaa taageero siin kara dadka in laga caawiyo u baahan hadalka iyo maqalkaba. Adeegga Baahinta Qaranka: <http://relayservice.gov.au/> Telefoon: 1800 555 660. Haddi adiga iyo daryeelahaaga aad u baahataan in leydiinka kaalmeeyo la hadalka xirfadlayaasha caafimaadka ee masuulka ka ah daryeelkaaga waxaad weddiin kartaa mid ka mid ah shaqaalaha in uu kuu diyaariyo turjubaan bilaash ah. Buuga ayaa la tarjumay waxaana laga helaa website ka Hay'adda Caafimaadka Koofurta Awstaraaliya: www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Swahili

Huduma ya Kuunganisha ya Taifa inaweza kutoa msaada kwa watu wanaohitaji msaada wa kusikia na kuongea. Huduma ya Kuunganisha ya Taifa: <http://relayservice.gov.au/> Simu: 1800 555 660. Kama wewe au mlezi wako anahitaji msaada wa kuzungumza na wataalamu wa afya ambao wanawajibika kwa huduma yako unaweza kuuliza mfanyikazi kupanga mkalimani kwa ajili yako bila malipo. Kitabu hiki kimetafsiriwa na kinapatikana kwenye tovuti ya SA Health. www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Tagalog

Ang Pambansang Serbisyo ng Paghahatid ay nagbibigay ng tulong sa mga taong mahina ang pandinig at hirap sa pagsasalita. Pambansang Serbisyo ng Paghahatid: <http://relayservice.gov.au/> Telepono: 1800 555 660. Kung ikaw o ang iyong tagapag-alaga ay kailangan ng tulong sa pakikipag-usap sa mga propesyonal na may pananagutan sa iyong pangangalaga, maari kang makipag-usap sa isang kawani upang mabigyan ka nang interprete na walang bayad. Ang aklat na ito ay isinalin at makukuha sa websayt ng Kalusugan SA: www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Tamil

சேவி மடுப்பு மற்றும் பேச்சு விடயங்களில் உதவி தேவைப்படுபவர்களுக்கு ‘நேஷனல் ரிலே சர்வீஸ்’ – இனால் உதவ இயலும். ‘நேஷனல் ரிலே சர்வீஸ்’: <http://relayservice.gov.au/> தொலைபேசி: 1800 555 660. உங்களுடைய கவனிப்பிற்குப் பொறுப்பாக இருக்கும் சுகாதாரத் தொழில்களுடன் பேசுவதில் உங்களுக்கோ அல்லது உங்களுடைய கவனிப்பாளருக்கோ உதவி தேவைப்பட்டால், இலவசமாக மொழிபெயர்த்துரைப்பாளர் ஒருவரை ஏற்பாடு செய்து தருமாறு எமது ஊழியர் ஒருவரை நீங்கள் கேட்கலாம். இந்த நூல் மொழிபெயர்க்கப்பட்டுள்ளது, மற்றும் www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities எனும் ‘SA சுகாதார’ வலைத்தளத்தில் இது கிடைக்கும்.

Vietnamese

Dịch Vụ Tiếp Âm Quốc Gia (The National Relay Service) có thể cung cấp các dịch vụ hỗ trợ những người cần trợ giúp trong việc nghe và nói. Dịch Vụ Tiếp Âm Quốc Gia (National Relay Service): <http://relayservice.gov.au/> Điện thoại: 1800 555 660. Nếu quý vị hoặc người chăm sóc quý vị cần trợ giúp để nói chuyện với nhân viên y tế đang chịu trách nhiệm về sức khỏe của quý vị, quý vị có thể yêu cầu thu xếp một người thông ngôn miễn phí. Quyển sách này đã được dịch và có thể tìm thấy trên trang web của Bộ Y Tế Nam Úc www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities



Interpreting and Translating Centre
Libreng tumawag: 1800 280 203
<https://www.translate.sa.gov.au/>

Nilalaman

Pangako sa Pag-aalaga at Serbisyo	7
Ang Iyong pangangalaga sa Kalusugan – paano ka makakatulong	9
1. Daang Maabot – karapatan sa serbisyo ng kalusugan at Komunidad	10
Listahan para sa Hindi Sapilitang pag-oopera at listahan ng naghihintay	10
Pangkat ng Kalusugan ng Katutubo	11
2. Walang-Panganib –karapatan sa walang-panganib sa pagmamalabis	11
3. Klase – karapatan sa mataas na uri ng serbisyo	12
4. Paggalang – karapatan na pakitunguhan na may galang	13
Direktiba sa Pag-unlad ng Pangangalaga	13
5. Impormasyon – karapatan na maka-alam	14
Pambayan o pribadong pasyente ng ospital	15
Mga Bayad at tulong sa pananalapi	16
Serbisyo ng SA Ambulansiya	17
Paraan sa Pagtulong sa Pasyente sa Transportasyon (PATS)	17
6. Paglahok – karapatan sa aktibong paglahok	18
Pahintulot	19
Mga Estudyante	19
Kalusugang Mental ng mga Mamimili	19
Mga karanasan ng manggagawa sa serbisyo ng kalusugang mental	20
Mga Bata	20
7. Lihim – karapatan sa lihim at kompidensyal na kalagayan	21
Kung Kelan ang iyong sariling impormasyon ay ma-ibahagi	21
Paggamit ng impormasyon upang mapabuti ang serbisyo ng kalusugan	22
8. Komentaryo – karapatan magsalita at/o magreklamo	23
Mga Pagsamo	25

Pangako sa Pag-aalaga at Serbisyo

Ang Kalusugang SA ay nangakong magbibigay ng isang positibong karanasan sa lahat ng tao na nangangailangan ng kalusugan at serbisyo sa komunidad. Upang magawa ito ibig naming magbigay ng serbisyo na magtataguyod ng serbisyo sa pangangalaga ng tao.

Ibig naming magbigay ng pangangalaga na walang-panganib, nababagay at may paggalang sa iyong mga karapatan at karangalan.

Kung ikaw, ang iyong pamilya o tagapag-alaga ay may mga tanong o pag-alala o kailangan ng tulong upang maunawaan kung ano ang sinasabi upang makabigay ng pasya, pakitanong sa iyong pangkat sa pangangalaga ng kalusugan. Maaring umareglo ang mga kawani ng isang interprete kung kailangan.



Ang Karapatan sa Serbisyo ng Kalusugan ng Komunidad at Tsarter tungkol sa Reklamo sa Kalusugan at Serbisyo sa Komunidad ay matatamo sa www.hcsc.sa.gov.au. Nilalagay sa Tsarter ang iyong mga karapatan, at sa miyembro ng iyong pamilya, tagapag-alaga o mga taong iyong pinili upang kumilos para sa iyo.

Ang Kalusugan SA ay naglinang ng apat na tiyak na pahayag ng karapatan nakapolyeto para sa mga pasyenteng mental, tagapag-alaga at pamilya. Makukuha ito sa www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities.

Ang Kalusugan SA ay pinahahalagahan at nangangako na:

- > Ang tungkulin ng tagapag-alaga, kabilang ang mga batang tagapag-alaga, sa loob ng ating serbisyo sa kalusugan. Tingnan ang Tsarter ng Tagapag-alaga sa Timog Australya at may dagdag impormasyon tungkol sa karapatan ng mga tagapag-alaga sa loob ng sistema www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities
- > Ang Ulat sa Karapatan at Pananagutan ng Pambansang Kalusugan sa Pangkaisipan www.health.gov.au tapos hanapin ang Ulat sa Karapatan at Pananagutan ng Pambansang Kalusugan sa Pangkaisipan
- > Pamamaraan upang Mapalagaan ang Karapatan ng mga Matatanda sa Timog Australya www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities
- > Tsarter ng Karapatan ng mga Kabataan sa Pangangalaga www.gcyp.sa.gov.au/charter-of-rights-2/the-charter/
- > Karapatan ng mga Kabataan sa Serbisyo ng Pangangalaga sa Kalusugan <https://children.wcha.asn.au/children-and-young-peoples-rightshealthcareservices-charter>

Ang Iyong pangangalaga sa Kalusugan – paano ka makakatulong

Ang mabuting pangangalaga ng kalusugan ay matatamo sa pamamagitan ng sosyohan mo at mga propesyonal sa kalusugan na nagbibigay ng iyong pangangalaga. Upang matulungan kami makabigay ng mainam na pangangalaga, mahalagang ikaw ay:

- > Magsabi sa mga kawani na ikaw ay nangangailangan ng dagdag impormasyon o mayroon kang hindi maintindihan o nag-alala.
- > Sundin ang iyong plano sa kalusugan o sabihin sa iyong propesyonal na tagapag-alaga na hindi mo magagawa o ayaw mong gawin.

Impormasyon na dapat sabihin ng iyong kawani sa pangangalaga ng kalusugan:

- > Ang kasaysayang medikal at ng iyong pamilya. Sakop dito ang anumang problema, komplikasyon o hindi magandang epekto na naranasan mo.
- > Anumang gamot na dapat mong gamitin kabilang ang anumang komplemetaryo, natural o ibang panggagamot.
- > Anumang pagbabago sa iyong kalagayan, kabilang ang mga problema o mga panggagamot na iyong tinatanggap.
- > Anumang espesyal na pangangailangan mayroon ka, kabilang ang kahalagahan ng kultura o relihiyon o dahil sa kapansanan.

Maging maunawain sa mga kawani at ibang pasyente:

- > Mga kilos na marahas, pagmumura, pananakot o salitang pagmamalabis sa isang pasyente, kamag-anak o kawani ay hindi tinatanggap.
- > Bantayan ang iyong tipan. Kung hindi mo magagawa ang iyong tipan, sabihan ang serbisyo sa kalusugan kaagad upang ang tipan ay mabago at maitakda.
- > Alamin ang pangangailangan ng ibang pasyente at ang kanilang paglilihim.
- > Huwag magdala ng alak, hindi legal na material o armas sa serbisyo ng kalusugan.
- > Ang ospital at serbisyo ng kalusugan ay isang pook na hindi maaring manigarilyo.

Tsarter ng Karapatan ng Serbisyo sa Kalusugan at Komunidad

1. Daang Maabot – karapatan sa serbisyo ng kalusugan at Komunidad

Lahat ng taga-Timog Australya ay may karapatan sa serbisyo ng kalusugan at komunidad na tumutugma sa kanilang pangangailangan.

Ang pangangalaga sa Kalusugan ay binibigay sa lahat ng tao batay sa kanilang kalagayan at madaliang panggagamot na kailangan.

Ang Kalusugan SA ay may mga programa upang tumulong sa mga tao na nahihirapang kumuha ng serbisyo. Halimbawa, mga taong mahina ang kaisipan, mga taong may kapansanan, mga taong may sabagal sa wika, pagsasalita o pandinig, mga taong may ibang kultura, at mga taong mahina. Kung kailangan mo ng tulong makakuha ng serbisyo, makipag-usap sa kawani ng iyong serbisyo sa kalusugan.

Listahan para sa Hindi Sapilitang pag-oopera at listahan ng naghihintay

Kung ang iyong kalagayan ay hindi makakamatay, maari kang ilagay sa listahan ng naghihintay para sa pag-opera. May ilang serbisyo sa kalusugan ng komunidad at tungkol sa ngipin ay may listahan din. Makikita ang impormasyon tungkol sa listahan ng naghihintay sa www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities.

May karapatan kang:

- > malaman ang inaasahan tagal ng paghihintay
- > malaman kung may ibang serbisyo ng kalusugan na ang paghihintay ay mas maiksi, o may ibang opsiyon sa mas maaga o ibang klaseng panggagamot.

Kung ang iyong kalagayan ay lumubha, makipag-usap sa iyong manggagamot (GP).

Pangkat ng Kalusugan ng Katutubo

May mga ospital at serbisyo ng kalusugan na may mga Pangkat sa Kalusugan ng Katutubo. Maari kang magtanong sa kawani ng isang pangkat sa Kalusugan ng Katutubo o isang opisyal ng Katutubong Kalusugan at ito ay makukuha anong oras.

Maari kang tulungan sa impormasyon kung paano ang ospital gumagawa, ano ang nangyayari at bigyan ka nang impormasyon tungkol sa pag-aayos ng sasakyan o tirahan.

Kung lalabas ka nang ospital maari kang tulungan mag-kontak sa mga manggagawa ng kalusugan sa komunidad, komunidad ng Katutubo at Torres Strait Islander at Serbisyo ng Kalusugan sa Komunidad ng Katutubo, depende sa pangangailangan.

Ang Pangkat sa Kalusugan ng Katutubo ay balak na tulungan lahat ng Katutubo gumagamit na nangangailangan ng tulong, ngunit mauuna ang mga Katutubo at Torres Strait Islander sa bukid at malalayong pook.

2. Walang-Panganib – karapatan sa walang-panganib sa pagmamalabis

Ang Kalusugan SA ay kinikilala ng lahat ng pasyente/ mamimili/konsyumer, tagapag-alaga, mga boluntaryo at manggagawa. Lahat ay ibig ang serbisyo sa kalusugan na maghahatid at tumanggap na walang takot o panganib.

Ang mga ospital at serbisyo sa kalusugan ay pook sa paggagamot at pangangalaga. Gagawin namin ang lahat upang maging maginhawa at walang-panganib at magbibigay ng alaga na maawain, mabait at walang balisa:

- > ikaw ay may karapatan sa walang-panganib na pinsala at pagmamalabis
- > ikaw ay may karapatan sa pangangalaga na walang panghihigpit
- > ikaw ay may karapatan tumanggap ng pangangalaga na menos ang masama – hindi sinasadya o aksidente

Ang mga ospital at serbisyo sa kalusugan ay mga pook na gawain.

Maging maunawain sa kawani, ibang pasyente at bisita. Ang ugali na nagbibigay ng panganib sa kawani o sa ibang pasyente gaya ng salita o pisikal na pagmamalabis, ay hindi tinatanggap.

Ang mga taong kumikilos ng pagsalakay o sa mapanganib na paraan, ay maaring paalisin, o tumawag ng pulis o seguridad.

Bantayan ang anumang hindi magandang palatandaan at pamahalaan ang kabataan lagi.

Ang mga kawani na nagdadala ng serbisyo sa iyong tahanan ay may karapatan na gumawa ng ligtas na kapaligiran. Bago bumisita sa iyong tahanan, ang kawani ay maaring tumawag sa telepono at suriin na ito ay walang-panganib.

3. Klase – karapatan sa mataas na uri ng serbisyo

Ang Kalusugan SA ay nangakong ang Sistema sa Pangangalaga ng Kalusugan sa Timog Australya ay walang-panganib, maasahan at mataas ang uri.

Ginagawa ito sa pamamagitan ng mga patakaran, pamaraan at pagsasanay na ayon sa batas, propesyonal, etikal, walang-panganib na pamantayan.

Ang Kalusugan SA ay laging nagrerepaso kung paano ginagawa at seguruhin ang walang-panganib at mataas na uri ng pangangalaga. Mayroon kaming mga sanay na kawani at mga kagamitan na nagbibigay ng pinakamahusay na serbisyo sa pangangalaga. Inaasahan na ang ating serbisyo sa kalusugan ay magtatrabahong magkasama at ang iyong pangangalaga ay ibabagay sa iyong pangangailangan

Isang makatutoong papel 'Pagbisita sa iyong manggagamot – Pagbutihin ang pagbisita sa iyong manggagamot o nagbibigay ng kalusugan' ay makukuha sa: www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities.

4. Paggalang – karapatan na pakitunguhan na may galang

May karapatan kang pakitunguhan na may galang, dignidad at kagandahang-loob kahit na ano ang edad mo, kasarian, relehiyon o kultura.

May karapatan na galangin ang iyong nais, paniniwala at mga gawi na nasa plano para sa pangangalaga ng iyong kalusugan. Ang mga kawani ay igagalang ang iyong dignidad.

May karapatan kang isulat ang iyong nais para sa paggamot ng kalusugan at ang iyong pasya ay igagalang ng mga nag-aalaga sa iyo.

Ang iyong mga nais ay isusulat ayon sa batas sa pamamagitan ng Direktiba ng Pasulong sa Pangangalaga o walang pormal na Plano sa Pangangalaga.

Direktiba sa Pag-unlad ng Pangangalaga

Isang Pasulong na Direktiba sa Pangangalaga ay nagbibigay ng ayon sa batas ng isang malinaw na kaayusan sa pangangalaga ng kalusugan sa hinaharap, pag-tapos ng buhay, nais na paninirahan at iba pang pansariling mga bagay sa isang pormularyo ng Pasulong na Direktiba sa Pangangalaga.

Ang Pasulong na Direktiba sa Pangangalaga ay tumutukoy sa kahit na anong panahon ang pagpasiya na sira ang kapasidad, maari itong permanente o pansamantala.

Pakisabi sa kawani ng serbisyo sa kalusugan kung ikaw by mayroong Pasulong na Direktiba sa Pangangalaga at magbigay ng pinatunayang kopya sa pangkat ng ospital sa pagtanggap, sa iyong manggagamot, at sa iyong Kapital sa Pagpasiya (s).

Para sa dagdag na impormasyon at kunin ang Pormularyo ng Pasulong na Direktiba sa Pangangalag sa www.advancecaredirectives.sa.gov.au

5. Impormasyon – karapatan na maka-alam

Ikaw ay may karapatan sa bukas, malinaw at angkop sa panahon na komunikasyon tungkol sa serbisyo, mga opsiyon sa paggagamot at halaga sa paraang ikaw lang ang nakakaintindi.

Bilang pasyente, ikaw o ang iyong kinatawan¹ ay umaasa:

- > na magkaroon ng lahat ng impormasyon binigay sa iyo sa wika/porma na maintindihan mo
- > na ang peligro sa iyo o sa isang rasonableng tao na pareho ang posisyon ay inuunawa na mahalaga, at ang peligro ay ipaliwanag sa iyo
- > sabihan ka ng iyong propesyonal sa kalusugan kung anong paggagamot ang gagawin sa iyo at magrekomenda ng ibang angkop na alternatibo sa paggagamot upang makagawa ka ng pasya sa pangangalaga ng iyong kalusugan
- > bibigyan ng impormasyon tungkol sa mga pagsusuri, kasama ang tungkol sa peligro, at resulta at pagkasangkot ng mga resulta ay ipaliliwanag sa iyo
- > malaman ang layunin, mga pakinabang at posibleng epekto ng paggagamot binigay sa iyo
- > bigyan ng paliwanag tungkol sa pagkakataong maging matagumpay, pangangailangan ng dagdag sa paggamot, maaring magbalik sa kalusugan, mga paggaling at mga kailangan sa pagbabagong-ayos
- > bigyan ng malinaw na pagpaliwanag kung ano ang mangyayari kung ang mga bagay ay hindi tumama sa iyong inaasahan
- > magbago ang isip, o hindi magpasuri o magpaggamot anumang oras o ipaalam kung ano ang mangyayari kung hindi magpasuri o magpaggamot
- > malaman kung ang paggamot ay pagsubok o ginagamit sa pananaliksik

1 Isang kinatawan ay isang hinirang na Kapalit na nagbibigay ng Desisyon, ang taong responsible o isang magulang o Tagapag-alaga ng isang bata.

- > magsangguni at magbigay ng plano sa pagtiwalag, bago tumiwalag, kung ang kuro-kuro ng iyong manggagamot na ang kalagayan mo ay hindi na nangangailangan tumira ka sa ospital o ibang serbisyo sa kalusugan
- > bigyan ng impormasyon tungkol sa serbisyo ng kalusugan sa bayan, natatanging samahan, mga tulong, serbisyo at kagamitan, na makakatulong sa iyo
- > Kung ang iyong maggagamot ay may palagay na mas mabuting pangangalaga ay iyong makukuha sa ibang ospital o kaluwagan, at maari kang ilipat sa ospital o kaluwagan na yan.

Pambayan o pribadong pasyente ng ospital

Kung pumupunta ka sa pambayang ospital, may karapatan kang pakitunguhan bilang pambayan o pribadong pasyente kahit na ano ang iyong katayuan sa iyong pribadong seguro sa kalusugan. Ang kawani ay maaring magtanong kung ano ang nais mo at isulat mo ang iyong nais.

May karapatan kang malaman kung ano ang ibig sabihin ng iyong pasiya at ang epektong pinansyal sa pinili mo.

Bilang pambayang pasyente hindi ka maaring pumili ng iyong manggagamot at gagamutin ka ng mga manggagamot sa ospital. (May mga serbisyo ng kalusugan kasama ang sa ngipin at kagawaran ng mga emerhensya ay may bayad).

Ang isang pasyente na may pribadong seguro sa kalusugan ay maaring pumili bilang pambayang pasyente.

Bilang pribadong pasyente ikaw ay gagamutin ng iyong piniling manggagamot(s), maglalaan ng awtoridad ang manggagamot na mag-praktis sa ospital at pumapayag na gamutin ka bilang pribadong pasyente sa ospital. Ang mga Pribadong pasyente ay may pananagutan sa pagbayad sa lahat ng gastos.

Kung hindi ka karapatdapat sa 'Medicare' o kasangkot sa isang paghingi ng kabayaran, maaring kang pumili ng ibang paraan sa pagbabayad.

Mga Bayad at tulong sa pananalapi

Lahat ng mga Australyano na may 'Medicare' kard ay ginagamot ng libre bilang pambayang pasyente sa pampublikong ospital. Sa lahat ng kaso, ang mga serbisyo sa kalusugan sa buong Timog Australya ay binibigay ng libre sa mga pambayang pasyente. Kung ikaw ay magbabayad ng mga gastos, sasabihan ka at tatanggap ng ulat ng kautangan.

Maari kang magbayad:

- > isang kabayaran para sa paggamot na binigay sa iyo ng ospital/serbisyo ng kalusugan
- > kung naospital ka ng higit na 35 na araw, para sa mga ekstrang araw
- > para sa tiyak na klase ng kagamitan kailangan sa iyong paggagamot.

Kung pinili mo ang pribadong pasyente kailangan magbayad ng:

- > gastos sa pagtira sa ospital
- > gastos para sa medisina, pagsusuri, prostesis at mga kagamitan, tulong at kasangkapan at serbisyo sa ngipin

Ang mga gastos na ito ay maring sakop ng pondo ng seguro sa kalusugan, ngunit kailangan mag-usap ang may paseguro bago tanggapin sa ospital.

Ibat'ibang areglo sa gastos ay gagamitin para sa mga bisita sa ibang bansa o ibayong dagat, o pansamantalang may bisa. Maari mong suriin ang mahirang na karapat-dapat sa 'Medicare' sa telepono 13 20 11 o AusHealth Phone: 1800 724 457 o email sa info@aushealth.com.au.

Serbisyo ng SA Ambulansiya

Ang Serbisyo ng SA Ambulansiya ay nagbibigay ng pang medikal na tulong sa emerhensiya, paggagamot at sasakyan, hindi madaliang sasakyan para sa pasyente at mataas na uri ng pag-aalaga sa pasyente dito sa Timog Australya.

Kung kailangan mong magbayad sa serbisyo ng ambulansiya. Ang gastos sa Ambulansiya ay hindi sakop ng 'Medicare' at ang serbisyo ng ambulansiya ay hindi makakabigay kung magkano ang gastos bago isakay ang pasyente.

Ang pondo ng pribadong seguro sa kalusugan ay maaring kasama ang gastos ng ambulansiya. Suriin ang pondo ng seguro.

Kung kailangan ng ambulansiya sa pag-alis sa ospital, tatanungin ka kung kasama ang gastos sa ambulansiya.

Ang mga taong nakalagay sa Kautusan ng Paggagamot o Seksiyon 56 ng Batas ng Mahina ang Pag-iisip (Section 56 of the Mental Health Act 2009) ay maaring binayaran ang gastos sa ambulansiya ng Lokal na network sa Kalusugan

Ang Serbisyo ng SA Ambulansiya ay nagbibigay ng seguro upang makatulong sa gastos. Dagdag impormasyon ay makukuha sa www.saambulance.com.au o telepono 13 62 72.

Makipag-alam sa Serbisyo ng SA Ambulansiya kung may emerhensiya at ang emerhensiya telepono ay 000.

Paraan sa Pagtulong sa Pasyente sa Transportasyon (PATS)

Ang paraan sa Pagtulong ng Transportasyon sa Pasyente (PATS) ay isang tumutulong na programa na nagbibigay ng salapi para sa paglakbay, gastos ng bantay at tirahan kung ang mga Timog Australyano na nakatira sa bukid o malalayong lugar ay naglalakbay ng higit na 100 kilometro upang makita ang pinamalapit na espesyalista.

- > Siyasatin ang iyong lokal na opisina ng PATS kung ikaw ay maaring tulongan
- > Humingi sa iyong lokal na PATS na padalhan ka ng pormularyo o kunin sa Internet sa websayt

Ang impormasyon at detalye sa pakikipag-alam sa iyong lokal na opisina ng PATS ay makukuha sa www.sahealth.sa.gov.au/PATS o telepono 08 8226 7215.

6. Paglahok – karapatan sa aktibong paglahok

Kung gumagawa ng pagpasiya o nagbibigay ng pahintulot tungkol sa iyong pangangalaga, mga pagsusuri at paggagamot ikaw ay may karapatan:

- > sa lahat ng pagpasiya tungkol sa iyong pangangalaga at magtanong upang malinawagan mo kung ano ang nangyari
- > bigyan ka ng panahon na pag-usapan ang pangangalaga ng iyong kalusugan at mga opsiyon sa paggagamot kasama ang iyong pamilya, kaibigan, mga nangangalaga o Kapitalit sa Pagpasiya²
- > hanapin ang pangalawang palagay at/o impormasyon tungkol sa iyong pagsusuri at opsiyon sa paggagamot
- > magbigay ng paliwanag sa posibleng resulta sa hindi pagtanggap ng payo ng propesyonal sa kalusugan
- > magtakda ng isang Kapitalit sa Pagpasiya upang gumawa ng mga pasiya para sa iyo kung hindi mo magagawa
- > tumulong gumawa ng pagpasiya tungkol sa iyong pangangalaga o paggagamot kung hindi mo magawa. Kung hindi mo magawa ang pagpasiya, ang iyong Kapitalit sa Pagpasiya o Taong May Pananagutan³ ay makikipag-alam kung magagamit at handang gumawa ng pagpasiya para sa iyo
- > tumanggi sa pampahaba ng buhay sa paggagamot sa halip na tumanggap ng pampaginhawa sa pangangalaga
- > tumangging lumahok sa pagsasaliksik tungkol sa medisina o mga pagsubok
- > itiwalag ang sarili sa serbisyo ng kalusugan na may panganib, hindi kasama kung may utos ng paggagamot bilang pasyente sa ilalim ng Batas 2009 sa

2. Isang Kapitalit sa Pagpasiya ay isang tao o mga tao na pinagkakatiwalaan gumawa ng pasiya para sa iyo kung hindi mo magagawa.

3. Isang Taong may Pananagutan ay isang miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan o isang taong iba ang kultura ngunit tinatanggap rin sa komunidad.

Kalusugan ng Pang-kaisipan(Mental Health Act 2009) o kailangan tumira sa ospital upang gamutin sa section 32 sa ilalim ng Batas 1993, Tagapagalaga at Pamamahala (Guardianship & Administration Act 1993) galing sa Pambayan at Pamamahalang Hukuman (dating Guardianship Board).

Pahintulot

Maari kang hingan na pirmahan ang isang pormularyo sa pahintulot na pinapayagan mo ang paggagamot o pagsusuri at ito ay ipinaliwanag sa iyo. Pananagutan ng iyong propesyonal sa kalusugan na tiyakin na pumapayag ka sa paggagamot, o pangangalaga ng kalusugan.

Kung minsan, ang emerhensyang paggagamot ay ibibigay ng walang pahintulot, kung namimiligro ang iyong buhay o kalusugan.

Mangyayari ito, liban lamang kung hindi ka nagbigay ng pahintulot sa paggagamot o may kinatawan na nagbigay ng pahintulot para sa iyo para sa madaliang paggagamot.

Mga Estudyante

Ang mga pang medisina, narsing at mga estudyante sa kalusugan ay madalas nandiyan o nagbibigay ng paggagamot na pinangasiwaan ng pambayang ospital at serbisyo ng kalusugan na may pahintulot ka. Ito ay mahalagang parte ng edukasyon.

Kalusugang Mental ng mga Mamimili

Ikaw ay may karapatan gaya ng iba sa paggagamot at pangangalaga.

Kung ikaw ay nasa ilalim sa paggagamot ng Mental Health Act 2009, maari kang bigyan ng paggagamot na walang pahintulot.

Ang paggagamot ay dapat na pinakamalenos ang kahigpitan sa pinakamaikling panahon. Nakatutok ito sa pagbuti at mga nais sa Direktiba ng Pasulong na Pangangalaga o Kasunduang Ulysses⁴

4. Ang Kasunduang Ulysses ay isang plano na nilinang ng pamilya at mga nakaugnay na propesyonal sa kalusugan tungkol sa pangangalaga ng kabataan, kung ang magulang ay may-karamdaman dahil sa sakit pangkaisipan.

Ang iyong Kapalit sa Pagpasiya o Taong may Pananagutan ay maaring gumawa ng pasiya kung hindi mo magagawa. .

Mga karanasan ng manggagawa sa serbisyo ng kalusugang mental

Ang may karanasan na manggagawa ay mga taong dating pasyente sa kalusugan sa pangkaisipan/konsyumer o nangangalaga. Ang may karanasan na manggagawa ay makukuha sa lahat ng bahagi sa pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan at makakatulong sa iyo, iyong pamilya at kaibigan na nagbibigay ng impormasyon at tulong.

Mga Bata

Bilang magulang⁵ o tagabantay ng bata, ikaw ay may karapatan magpasiya para sa iyong anak. Maari kang tumira sa ospital kasama ang iyong anak at kahit na anong serbisyo sa kalusugan, liban lang kung ang paghihiwalay ay kailangan dahil sa pangmedisinang emerhensya o ibang pangmedikal ang dahilan. Ang mga kabataan ay may karapatan sa kanilang magulang o tagabantay na nandiyan.

Kung tumatanda ang mga bata (higit 16 taong gulang sa edad) sila ay may karapatan konsultahin o gumawa ng pagpasiya para sa kanila. Ang isang propesyonal sa kalusugan ay maaring mangasiwa sa paggagamot ng batang mas mababa sa 16 o kung pumayag ang bata, at ang pangmedikal na propesyonal ay nasiyahan na nalinawagan ng bata, ibang propesyonal sa kalusugan ay sumusuporta sa kuru-kuro.

5 Kabilang dito ang amain o inang panguman, na may sapat na gulang para kumilos na magulang sa bata, na ibig sabihin ang tao ay may pananagutan bilang magulang halimbawa lolo at lola, nag-aalaga sa bata para sa kapakanan ng magulang ng bata.

7. Lihim – karapatan sa lihim at kompidensyal na kalagayan

Ang iyong lihim at karapatan sa kompidensyal na kalagayan ay iginagalang lagi.

Impormasyon tungkol sa iyo ay kukunin ng Kalusugan SA upang magbigay ng paggagamot at serbisyo.

Ang iyong impormasyon ay nakatago at makukuha lamang ng mga kasangkot sa iyo at sa iyong pangangalaga.

Maari kang tumanggap magbigay ng impormasyon, pero maari itong makaippekto sa iyong pangangalaga at paggagamot

May karapatan kang humingi at kunin ang ulat ng iyong kalusugan maliban lang kung may nakalagay na bawal ayon sa batas.

Kung naniniwala ka na ang impormasyon tungkol sa sariling ulat ng iyong kalusugan ay hindi tama, luma o dinaya, maari mong hingin na baguhin ito. Magsiyasat sa kawani ng serbisyo ng kalusugan kung ano ang gagawin dito.

Kung Kelan ang iyong sariling impormasyon ay ma-ibahagi

Maaring gamitin ang iyong sariling ulat sa kalusugan ng mga propesyonal sa kalusugan upang magbalita sa isat'isa tungkol sa pangangalaga na iyong tatanggapin. Binalangkas ng Health Care Act 2008 at ang Mental Health Act 2009, ang impormasyon ay maaring ibunyag sa mga tao o tagalaan.

Ang iyong sariling impormasyon ay ibabahagi sa ibang serbisyo ng kalusugan sa pangangalaga upang ayusin ang pangangalaga kung aalis ka na sa ospital.

Ang iyong sariling impormasyon ay maibabahagi, na may pahintulot ka:

- > sa pondo ng iyong pribadong seguro sa kalusugan, o
- > bilang pangatlong parte gaya ng Workcover o 'Motor Accident Commission'

Kung minsan ang Kalusugan SA ay mangangailangan o bibigyan ng kapangyarihan ng batas na ibunyag ang impormasyon tungkol sa iyo at ang iba na wala kang pahintulot. Kasama dito kung kailangan bawasan o hadlangan:

- > isang mahalagang banta sa buhay
- > abuso sa bata
- > karahasan pangmag-anak o
- > ipagtanggol ang kabutihan o/at kaligtasan ng iba pa

Paggamit ng impormasyon upang mapabuti ang serbisyo ng kalusugan

Ang Kalusugan SA ay maaring gumamit ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan sa pangangalaga upang mapabuti ang serbisyo ng kalusugan, magplano ng serbisyo sa hinaharap, o para sa pagsasaliksik. Kapag nangyari ito, ang impormasyon ginamit ay hindi kasama ang anumang sariling impormasyon na makikilala ka.

Kung naniniwala ka na ang iyong sariling impormasyon ay hindi dapat ipamahagi o makuha, maaring kang makipag-usap sa serbisyo ng kalusugan o gumawa ng reklamo sa Komisyonado ng Reklamo sa Kalusugan at Komunidad (tingnan ang pahina 24 para sa detalye ng pakikipag-alam) o sa Lihim na Lupon.

Maaring makipag-alam sa Lihim na Lupon sa telepono 08 8204 8786 o www.archives.sa.gov.au.

Ang anumang kusa o hindi tamang pagdulog sa iyong ulat ng kalusugan ay hindi tama. Kung mangyayari ito, ikaw ay kakausapin.

8. Komentaryo – karapatan magsalita at/o magreklamo

Ang Kalusugan SA ay tutulong sa pasyente/mamimili/konsyumer, mga pamilya, taga-pangangalaga at ang komunidad na magbigay ng balik-puna. Mga komentaryo, papuri, reklamo at mungkahi ay tumutulong upang mapabuti ang ating serbisyo sa kalusugan.

Ikaw ay may karapatan na:

- > magsalita at magtanong tungkol sa pangangalaga ng iyong kalusugan at karanasan
- > ipaalam sa amin kung sa tingin mo ang pangangalaga ng iyong kalusugan ay hindi sumusunod sa plano
- > ang mga balisa at reklamo ay masagot nang tama at mabigyan ng paliwanag at paumanhin
- > magbigay ng mga mungkahi.

Paano magbigay ng balik-puna sa serbisyo ng kalusugan:

- > ipahayag ang balisa sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kawaning tumitingin sa iyo sa serbisyo ng kalusugan. Maari ka rin tumawag sa telepono o sumulat sa serbisyo ng kalusugan.
- > kung sa tingin mo ang iyong balisa ay hindi naayos, maari kang makipag-alam sa Konsyumer/Mamimili/Tagapayo ng Pasyente, Taga-tugma ng Balik-Puna ng Pasyente o Taga-tugma ng Uri (serbisyo sa bukid). Bumisita sa www.sahealth.sa.gov.au/yourrightsandresponsibilities

Binibigyan namin ang lahat ng pangyayari at kawalan ay maselan. Ginagamit namin ito upang mapabuti ang pangangalaga at iwasan ang mga pangyayari sa hinaharap. Kahit na anong pangyayari na kasama ka ay pinangasiwaan sa bukas at malinaw na paraan.

Kung hindi ka masaya sa mga sagot sa iyong balik-puna, maari kang makipag-alam sa mga samahang na independiyente tungkol sa reklamo at tagapagtanggol. Ang mga samahang ito ay :

Komisyoner sa Reklano ng Serbisyo sa Kalusugan at Komunidad

Isang opisina na independiyente at tumutulong sa mga tao (gumagamit ng serbisyo, nangangalaga at tagalaan ng serbisyo) tungkol sa reklamo sa serbisyo ng kalusugan at komunidad sa Timog Australya.

Lunes hanggang Biyernes 9.00am to 5.00pm

Telepono 08 8226 8666 o sa Bukid libre 1800 232 007

www.hcsc.sa.gov.au

Plano ng Bisita sa May-kapansanan at Komunidad sa Kalusugan ng Pangka-isipan

Isang independiyenteng katawan sa pagpasiya ng reklamo na sumusuri sa napanhintulotang sentro ng paggagamot at tumatanggol sa karapatan ng mga taong may kapansanan at mga pasyente na may dipirensya sa Pangkaisipan

Telepono: 08 7425 7802 o Bukid libre 1800 606 302

www.sa.gov.au/ (maghanap ng Community Visitor Scheme).

Opisina ng Pambayang Tagapagtanggol

Isang independiyenteng ahensiya na pumapayo, tumutulong at nagtanggol sa mga tao na may kasiraan sa pagpapasiya, at tumutulong na ayusin ang mga pagtatalo tungkol sa kalusugan.

Telepono: 08 8342 8200 o Bukid libre 1800 066 969 www.opa.sa.gov.au

Mga Pagsamo

May karapatan kang maghanap ng Pag-aayos sa Opisina ng Pambayang Tagapagtanggol kung may pagtatalo tungkol sa Pasulong na Direktiba o magbigay o hindi ng paggagamot o kalusugang pangangalaga.

Para sa madaliang pagkatapos ng oras na mga kaso makipag-alam sa Opisina ng Pambayang Tagapagtanggol: Telepono (08) 8378 3333.

May karapatan kang sumamo sa Timog Australya Hukumang Sibil at Pangangasiwa (SACAT) (dating Lupon ng Tagabantay), may kautusan sa Mental Health Act 2009 o Seksiyon 32 sa ilalim ng Guardianship & Administration Act 1993 at ikaw ay hindi nasisiyahan sa kautusan,.

May karapatan kang mag-apela sa pasiya ng SACAT sa Hukuman ng Guardianship & Administration Act 1993.

Maaring makipag-alam sa SACAT sa Telepono 1800 723 767 o www.sacat.sa.gov.au

Ang pormularyo ng Iyong Karapatan at Pananagutan sa Tsarter ng Pambayang Ospital ng Pasyente, nakatakda sa ilalim ng Pambayang Kasunduan sa Kalusugan ng Pangangalaga at Gobyerno ng Timog Australya sa Komonwelt.

Dagdag kopya ng munting aklat na ito ay makukuha sa:

Para sa mga Pasyente at Nangangalaga:

www.sahealth.sa.gov.au

Para sa Ospital at Serbisyo ng Kalusugan:

Sentro ng Kalusugan SA Nagmumudmud

Email: healthPSCMSCOcustomerService@sa.gov.au

Fax: 08 8124 4655

www.sahealth.sa.gov.au

Public-I1-A1



Ang dokumentong ito ay nirepaso at sinang-ayunan ng SQCAG* para sa mga konsyumer at komunidad February 2016



Interpreter



www.ausgoal.gov.au/creative-commons

© Kagawaran ng Kalusugan at Katandaan, Pamahalaan ng Timog Australya.

Lahat ng karapatan ay nakareserba. ISBN: 978 07 03 898 276 FIS: 16002. 1 Abril 2016

*Grupo ng Katangi-tanging Tagapayo sa Komunidad at Kalusugan SA.



Government
of South Australia

SA Health